



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California  
Toll-Free (800) 776-5746*

## Ang Multipurpose Senior Services Program ay maaaring ang Kasagutan sa Pamamalagi sa Bahay Imbes na Pumunta sa isang Nursing Home

---

*Abril 2016, Pub. #5395.08*

### **Ano ang Multipurpose Senior Services Program (MSSP)?**

Ang MSSP ay nagkaloob ng mga serbisyo at suporta para tulungan kang manatili sa bahay hangga't maaari. Ang layunin ay para mapigilan kang mailagay sa isang nursing home. Isa itong waiver na nakabatay sa tahanan at komunidad ng Medi-Cal na maaari kang pagkalooban ng mga ekstrang mapagkukunan ng tulong para mapanatili ka sa iyong tahanan.

Kung may asawa ka at hindi karapat-dapat para sa Medi-Cal dahil sa napakaraming mapagkukunan at/o sobrang kita, maaari ka pa rin maging karapat-dapat para sa MSSP.

### **Sinu-sino ang Magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng MSSP?**

Para maging karapat-dapat, dapat kang maging:

- Hindi bababa sa 65 taong gulang;
- Isang tao na may kapansanan na nasa panganib na mapupunta sa isang nursing home. Para tukuyin kung karapat-dapat ka o hindi para sa MSSP, susuriin ka ng nurse;
- Kasalukuyang karapat-dapat para sa Medi-Cal at hindi nakatatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng iba pang waiver na nakabatay sa tahanan at komunidad. Kung kasalukuyan kang nasa isang ospital o nursing facility at gustong lumabas, may mga

espesyal na tuntunin na hindi gaanong nabibilang sa kita ng iyong asawa at mga pinagkukunan na ginagawa nitong mas madali para sa iyo na maging karapat-dapat. Kung hindi ka kasalukuyang karapat-dapat para sa Medi-Cal dahil sa mga pinagkukunan o kita ng asawa, o magkakaroon ka ng paghahati ng gastos, tingnan sa ibaba hinggil sa kabayaran ng mga serbisyo ng pagbabago.

- Naninirahan sa loob ng county na mayroon ang programang ito - Tingnan ang Kalakip B para sa isang kasalukuyang listahan ng mga county na mayroon ang programang ito.

### **Anu-anong Uri ng mga Serbisyo ang Available?**

Kasama sa Available na mga Serbisyo ang:

- Mga programa ng Sentro ng Nakatatanda
- Tulong at pagpapayo sa pangangasiwa ng pera
- Case Management (Pangangasiwa ng Kaso) – Kadalasang isinasagawa ng isang nurse at social worker na:
  - Magtatasa ng iyong kalusugan at iba pang pangangailangan
  - Bumuo ng plano ng pangangalaga para matugunan ang mga pangangailangan na iyon
  - Mag-ayos para sa mga serbisyong kinakailangan
  - Subaybayan ang iyong kapakanan
  - Magkaloob ng adbokasiya
  - Impormasyon at referral
  - Pamamahinga – panandaliang pangangalaga para sa iyo ng isang tao bukod sa taong nangangalaga para sa iyo kapag kinakailangan niya ng maikling pahinga
  - Tulong sa pabahay na maaaring kasama ang:
    - Mga pisikal na pagbagay
    - Mga aparatong pangtulong
    - Emergency na tulong sa paglipat
    - Pansamantalang mga gastos sa panunuluyan sa ilang pagkakataon
    - Tulong para maibalik ang mga serbisyo ng utilidad
    - Pagkukumpuni o pagpapalit ng mga kinakailangan sa bahay tulad ng kalan, refrigerator o higaan

- Mga serbisyo ng legal
- Maliliit na pagkukumpuni sa kaligtasan sa bahay
- Transportasyon
- Escort papunta sa mga appointment sa mga doktor
- Muling pagtiyak sa telepono
- Magiliw na pagbisita
- Mga pagtatasa ng kalusugan at ukol sa isip
- Mga serbisyo ng nutrisyon
- Pangangalaga sa kalusugan sa tahanan
- Pangontrang pangangalagang pangkalusugan
- Serbisyo ng gawaing pangmaybahay
- Mga pagkain sa tahanan at isang lokasyon
- Pangangalaga sa araw sa may sapat na gulang kabilang ang pangangalagang pangkalusugan sa araw ng may sapat na gulang
- Personal na tulong ng pangangalaga para magpanatili ng pangangalaga sa kalusugan, personal na kaligtasan at mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay
- Mapagtanggol na pangangasiwa – 24 na oras na pangangasiwa sa mga taong sobrang mahihina o maaaring makaranas ng medikal na emergency
- Mga serbisyo ng komunikasyon – mga serbisyo ng pagsasaling-wika at pagpapaliwanag at probisyon para sa isang sistema ng emergency na pagtugon
- Pagbili ng kagamitan

## **MSSP AT KABAYARAN NG MGA SERBISYO NG PAGBBAGO**

Kung magtatamo ka ng mga gastos para sa mga serbisyo habang nasa isang institusyon para matulungan kang makabalik sa bahay, at hindi ka naging karapat-dapat para sa Medi-Cal sa panahon nang makuha mo ang mga serbisyo na iyon o nagkaroon ng pagbabahagi ng gastos, magbabayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa panahon nang nakaraang anim na buwan ng iyong pamamalagi sa institusyon.

Ang mga serbisyong babayaran ng Medi-Cal at tinatawag na “transitional services” kung saan ay tutulungan kang makalabas sa isang institusyon. Kasama sa mga serbisyo ang occupational therapy, physical therapy at iba pang serbisyo rehabilitasyon, mga pagbabagong arkitektural sa iyong bahay at pangangasiwa ng kaso habang nasa institusyon para tulungan kang makalabas.

Kung may asawa ka at umuuwi sa isang asawa o naninirahan na sa bahay kasama ng iyong asawa, may mga espesyal na tuntunin sa pinagkukunan at kita na lumalapat na magagawa nitong mas madali para sa iyo na maging karapat-dapat.

### **Kailangan Ko Bang Magbayad ng Anumang Bagay para Makuha ang mga Serbisyong Ito?**

Hindi, walang gastos sa iyo.

### **Makakakuha ba ako ng MSSP kung Nakakakuha Ako ng In-Home Support Services (IHSS)?**

Oo. Maari mong makuha ang pareho.

### **Mababawasan ba ang mga Serbisyo na Nakukuha Ko sa Ilalim ng IHSS kung Makakukuha Ako ng MSSP?**

Kung kasalukuyan mong nakukuha ang pinakamaraming bilang ng mga oras ng IHSS, mababawasan ang mga oras na ito kung makakukuha ka ng tulong sa bahay sa pamamagitan ng MSSP.

Kung hindi mo nakukuha ang pinakamaraming bilang ng mga oras ng IHSS, ang anumang tulong sa bahay sa pamamagitan ng MSSP ay hindi makaaapekto sa mga oras ng iyong IHSS.

### **Paano Akong Mag-a-apply?**

Tignan ang listahan sa hulihan ng fact sheet na ito. Hanapin ang iyong county at tawagan ang numero na nakalista. Sabihing, “Palagay ko

kailangan ko ng mga serbisyo ng MSSP.” Maaari ka rin tumawag sa 1-800-510-2020 para sa iyong Area Agency on Aging (AAA).

## **Ano ang Maaari Kong gawin Kung Matatanggihan Ako ng MSSP?**

Maaari kang mag-apela at humingi ng isang patas na pagdinig. Bilang karagdagan, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na paliwanag kung bakit ka tinanggihan ng MSSP. Ipaliliwanag ng nakasulat na paliwanag kung ano ang maaari mong gawin para mag-apela. Maaari mong tawagan ang Disability Rights California para sa tulong.

## **Paano Akong Makakukuha ng Marami Pang Impormasyon Tungkol sa MSSP?**

Kung mayroon kang access sa internet, pumunta sa website na ito:  
<http://www.aging.ca.gov/programsproviders/mssp/>

## **Hindi Ako Karapat-dapat para sa MSSP, Mayroon Bang Anumang Ibang Programa na Maaaring Makatulong sa Akin?**

Tawagan ang iyong Area Agency on Aging (AAA) para sa mga serbisyo ng impormasyon at referral sa iyong komunidad. Para sa numero ng telepono sa iyong pinakamalapit na opisina ng AAA tumawag sa: 1 800 510-2020

Multipurpose Senior Service Program Contacts (By County) Available rin sa –<http://www.aging.ca.gov/ProgramsProviders/MSSP/Contacts/>

[Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin!](https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1)

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

*Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*